# KINATAWAN NG PAGKAMAKABAYAN SA MGA SUSUNOD NA HENERASYON

*ni:*
**JAYSON D. CASTILLO**
*Limay National High School*

Tinatayang mahigit 700 libong mag-aaral ang kumukuha ng kursong Batsilyer sa Agham ng Edukasyon sa Pilipinas noong taong 2017. Ayon ito sa istatistika na inilathala ng Bria (2021) na nangangahulugang pangalawa ang nasabing kurso sa pinakapinipiling kuhanin ng mga estudyante sa kolehiyo at sumusunod sa mga mag-aaral na ang nais ay mga kurso sa ilalim ng pagnenegosyo. Isang malinaw na inidkasyon rin ito na marami pa ring mga kabataan ang nagnanais na magbigay-ilaw sa landas ng bawat Pilipinong mag-aaral ng susunod na mga henerasyon. Ingles, Agham, lalo na Wika…kinakailangan na patuloy na dumaloy sa puso ng bawat mag-aaral ang kahalagahan na maipamulat sa mga susunod an henerasyon ang kahalagahan ng mga ito para sa pagpapaunlad ng sarili, kultura, at pagkakakilanlan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Taon-taon, mabilis na kumikilos ang teknolohiya upang impluwensyahan ang pag-unlad sa aspeto ng pagbasa at pagsuat ng mga kabataan. Marami sa kanila ang mabilis na natututunang magsalita ng wikang Ingles. Pangatlo sa buong mundo ang Pilipinas sa bilang ng mga bansang nagsasalita ng nasabing banyagang wika bilang pangalawang lenggwahe at Malaki sa bahaging ito ng populasyon ng bansa ay mga kabataan. Nakalulungkot lamang isipin na tila mas matatas pang mag-Ingles ang ilang kabataan kumpara sa pagsasalita sa sariling wika.

Ayon sa lathalain mula kay Batala (2022), Malaki ang gampanin ng mga magulang sa pagpapamulat sa kanilang mga anak sa kahalagahan ng sariling wika subalit mas Malaki ang responsibilidad na nakaatang sa balikat ng mga guro lalo na at tila kaybilis magbago ng mga nais na matutunan ng kabataan sa makabagong panahon.

Ang mga guro ay magsisilbing kinatawan ng wikang Filipino upang mapagyabong ang sariling pagkakakilanlan ng bawat Pilipinong mag-aaral at upang maipunla sa kanila ang kamalayan na ang wika ay ang pinakamakapangyarihang sandata upang mapaunlad ang sangkatauhan. Sinasabi ring ang pag-aaral sa wikang Filipino ay maaaring maging simulain sa pag-aaral ng iba pang wikang banyaga sapagkat mas mahirap ito kumpara sa mga wika sa bansang Europa (Filipino Pod, 2021) kaya naman bilang guro, mahalagang maikintal ang mga naturang konsepto sa isip ng mga mag-aaral.

Madali lamang kung tutuusin na ituro ang wika sa mga mag-aaral sapagkat ang gamit ay ang lokal na wika din subalit nagiging mahirap ito dahil sa napakaraming hamon tulad ng mga naunang nabanggit. Sa malaking bilang ng mga mag-aaral sa kolehiyo na nagnanais maging guro sa iba't ibang larangan, isang matinding mithiin na maging Malaki sa bahagdan na ito ay mga guro na ang gusto ay mapaunlad ang kagalingan sa wika ng mga mag-aaral. Magiging mas mapanghamon pa ang susunod na mga dekada kaya naman ay mas magigiting at mas pursigidong guro ang kinakailangan upang maging interaktibo at makabago ang kanilang mga istilo at makaangkop din sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Malaking hamon ang dulot ng mabilis na pag-ikot ng mundo ngunit hindi sana ito maging balakid upang mas dumami pa ang bilang ng mga kabataang may pag-irog sa ating wika at may mithiing maituro pa ang kahalagahan nito sa mga susunod na henerasyon.

*Sanggunian:*

Bria (2022). 10 Nangungunang Kurso sa Kolehiyo sa Pilipinas. Nakuha noong ika-27 ng Hunyo 2022 sa www.bria.com.ph

Batala, J. (2022). Bakit dapat himukin ang mga bat ana mahalin ang wikang Filipino? Nakuha noong ika-27 ng Hunyo 2022 sa ph.theasianparent.com

Filipino Pod (2021). Bakit Dapat Aralin ang Tagalog? Nakuha noong ika-27 ng Hunyo sa www.filipinopod101.com

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan